## TANONG NG ESTADO NUM. 2

### Pagamyenda sa *Konstitusyon ng Nevada*

### Pinagsamang Resolusyon ng Asembliya Num. 1 ng Ika 81 Sesyon

Dapat bang amyendahan ang Seksyon 1 ng Artikulo 13 ng *Konstitusyon ng Nevada* upang: (1) baguhin ang paglalarawan ng mga taong nakikinabang mula sa mga institusyon na kinakailangang alagaan at suportahan ng Estado; (2) palitan ang terminong "mga institusyon" ng "mga entidad"; at (3) magdagdag ng mga entidad para sa kapakinabangan ng mga taong mayroong intelektwal o kaunlarang kapansanan sa mga uri ng mga entidad na kinakailangang alagaan at suportahan ng Estado?

Oo .......... ❑

Hindi.......... ❑

### PALIWANAG & SUMARYO

**PALIWANAG—**Ang panukalang ito ay nag-aamyenda sa Seksyon 1 ng Artikulo 13 ng *Konstitusyon ng Nevada* upang baguhin ang paglalarawan ng mga taong nakikinabang mula sa mga institusyon na kinakailangang itaguyod at suportahan ng Estado mula sa: (1) "baliw" sa "mga taong mayroong malubhang sakit sa pag-iisip"; (2) "bulag" sa "mga taong bulag o mayroong kapansanan sa paningin"; at (3) "bingi at pipi" sa "mga taong bingi o mayroong kahirapan sa pandinig."

Ang panukalang ito ay nagpapalit din ng mga salitang "institusyon" sa "mga entidad" sa Seksyon 1 ng Artikulo 13 ng *Konstitusyon ng Nevada*.

Ang panukalang ito sa balota ay nagdadagdag pa sa Seksyon 1 ng Artikulo 13 ng *Konstitusyon ng Nevada* ng mga entidad para sa kapakanan ng mga taong mayroong intelektwal o pag-unlad na kapansanan sa mga uri ng entidad na kinakailangang itaguyod at suportahan ng Estado.

**Ang isang "Oo" na boto ay mag-aamyenda sa *Konstitusyon ng Nevada* upang: (1) baguhin ang paglalarawan ng mga taong nakikinabang mula sa mga institusyon na kinakailangang itaguyod at suportahan ng Estado; (2) palitan ang terminong "mga institusyon" ng "mga entidad"; at (3) magdagdag ng mga entidad para sa kapakinabangan ng mga taong mayroong intelektwal o pag-unlad na kapansanan sa mga uri ng entidad na kinakailangang itaguyod at suportahan ng Estado.**

**Ang isang "Hindi" na boto ay magpapanatili sa umiiral na wika sa *Konstitusyon ng Nevada* at hindi magdadagdag ng mga entidad para sa kapakinabangan ng mga taong mayroong intelektwal o pag-unlad na kapansanan sa mga uri ng entidad na kinakailangang itaguyod at suportahan ng Estado.**

**SUMARYO—** Ang Seksyon 1 ng Artikulo 13 ng *Konstitusyon ng Nevada* ay nangangailangan sa Estado na itaguyod at suportahan ang mga institusyon para sa kapakanan ng mga baliw, bulag, at bingi at pipi, at upang itaguyod at suportahan ang iba pang mga mapagkawanggawa na institusyon na kinakailangan para sa kabutihan ng publiko.

Ang panukalang ito ay nag-aamyenda sa Seksyon 1 ng Artikulo 13 ng *Konstitusyon ng Nevada* upang palitan ang terminong "mga institusyon" ng "mga entidad" at upang baguhin ang paglalarawan ng mga tao na nakikinabang mula sa mga entidad na kinakailangang itaguyod at suportahan ng Estado mula sa: (1) "baliw" sa "mga taong mayroong malubhang sakit sa pag-iisip"; (2) "bulag" sa "mga taong bulag o mayroong kapansanan sa paningin"; at (3) "bingi at pipi" sa "mga taong bingi o mayroong kahirapan sa pagdinig."

Ang panukalang ito ay nag-aamyenda rin sa Seksyon 1 ng Artikulo 13 ng *Konstitusyon ng Nevada* upang magdagdag ng mga entidad para sa kapakinabangan ng mga tao na mayroong intelektwal o pag-unlad na kapansanan sa mga uri ng entidad na dapat itaguyod at suportahan ng Estado.

## ARGUMENTONG PABOR SA PAGSASABATAS

Noong orihinal na isinulat ang *Konstitusyon ng Nevada* 160 taon na ang nakalipas, iba't ibang termino ang ginamit upang ilarawan ang mga tao na mayroong sakit sa pag-iisip o mga bingi. Ang wikang ito ay lipas na at nakakasakit. Bilang karagdagan, sa pamamagitan ng pagpapalit ng "mga institusyon" sa "mga entidad," ang panukalang ito sa balota ay titiyakin na ang patakaran ng Konstitusyon ay maging katulad ng ibang ahensya ng Estado tungkol sa paggamit ng mga termino na naglalarawan sa ilang populasyon bilang nakatalaga sa mga institusyon. Ang *Konstitusyon ng Nevada* ay madalas na inaamyendahan upang ipakita ang ating umuunlad na lipunan, at ang pagpapalit ng mga nakakasakit na termino sa Seksyon 1 ng Artikulo 13 ay isang kinakailangang pagbabago upang magbigay ng respeto sa lahat ng mga Taga-Nevada.

Ang epekto ng mga salitang ginamit sa *Konstitusyon ng Nevada* ay umaabot sa labas ng mismong dokumento. Kapag ang mga nakakasakit at nakadidiri na mga termino ay ginamit sa batas ng Estado, ito ay pinapanatili ng mga abogado, hukom, mga social worker, at iba pa na tumutukoy sa batas sa kanilang trabaho. Sa pamamagitan ng pagpapalit ng mga terminong "baliw" at "bingi at pipi" sa mas marangal na mga termino, maaari nating maiwasan ang pag-stigmatize at pag-marginalize sa mga indibidwal at mabawasan ang mga hadlang na diskriminasyon na maaari nilang harapin sa paghahanap ng trabaho, pabahay o serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip. Dahil sa mga parehong dahilan, kumilos ang Kongreso ng Estados Unidos mahigit sampung taon na ang nakalipas upang alisin ang mga terminong "pagkaantala sa pag-unlad ng pag-iisip" at "baliw na tao" mula sa Kodigo ng Estados Unidos.

Sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga entidad para sa kapakanan ng mga tao na mayroong intelektwal o pag-unlad na kapansanan sa mga uri ng entidad na dapat itaguyod at suportahan ng Estado, tinitiyak ng Tanong 2 na ang probisyon ng konstitusyon ay nalalapat sa mas malawak na saklaw ng mga taong mayroong kapansanan. Sa katulad na paraan, sa pamamagitan ng pagpapalit ng terminong "bulag" sa "mga taong bulag o mayroong kapansanan sa paningin," kinikilala ng panukalang ito na ang kapansanan sa paningin ay umiiral sa isang spectrum at ang mga tao na hindi ganap na bulag ngunit mayroong ilang antas ng kapansanan sa paningin ay maaari ring mangailangan ng access sa mga pampublikong entidad, tulad ng mga makabagong pagsasanay at mga programang pantulong na teknolohiya.

Palitan ang mga hindi na napapanahon at nakakasakit na wika sa *Konstitusyon ng Nevada*. Bumoto ng "Oo" sa Tanong 2.

## ARGUMENTONG HINDI PABOR SA PAGSASABATAS

Ang pagbabago sa *Konstitusyon ng Nevada* ay dapat maging isang bihirang pangyayari, at ang wika nito ay hindi dapat baguhin upang umangkop lamang sa mga terminolohiyang maaaring hindi na napapanahon o nagiging uso at nawawala sa uso sa paglipas ng panahon. Habang ang mga terminong tulad ng "baliw" at "bingi at pipi" ay maaaring ituring na nakakasakit ayon sa pamantayan ngayon, ang wika ay katanggap-tanggap noong panahon na isinulat ang probisyon. Ang *Konstitusyon ng Nevada* ay isang makasaysayang dokumento, at hindi natin dapat asahan na makasabay ito sa patuloy na nagbabagong kalikasan ng wika.

Ang Tanong 2 ay hindi epektibong tumutukoy sa mas malawak na isyu ng wastong paggamit ng wika. Karamihan sa mga Taga-Nevada ay hindi kumukunsulta sa *Konstitusyon ng Nevada* upang malaman kung aling mga termino ang katanggap-tanggap gamitin, at marami sa mga Taga-Nevada ang malamang na hindi alam ang mga probisyon ng kanilang Estado. Sa katunayan, higit sa kalahati ng mga sumagot sa isang pambansang survey na isinagawa ng Johns Hopkins University ay hindi alam kung ang kanilang estado ay mayroong konstitusyon. Ang panukalang ito ay isang maling hakbang upang baguhin ang pangkaraniwang paggamit ng wika.

Walang pangangailangan na palawakin ang wika na naglalarawan sa mga uri ng institusyon na dapat itaguyod at suportahan ng Estado. Nagbibigay na ang Nevada ng mga pampublikong serbisyo para sa mga taong mayroong intelektwal at pag-unlad na kapansanan pati na rin para sa mga mayroong kapansanan sa paningin ngunit hindi ganap na bulag. Ang pagbabago ng mga terminong ito ay walang konkretong epekto sa mga uri ng institusyon na pinapangalagaan at sinusuportahan ng Estado.

Ang panukalang ito ay isang hindi kinakailangang pagbabago sa *Konstitusyon ng Nevada*. Bumoto ng "Hindi" sa Tanong 2.

## PISKAL NA TALA

### Epekto sa Pananalapi—Hindi Matutukoy

Ang mga probisyon ng Tanong 2 ay binabago ang mga umiiral na probisyon sa Artikulo 13, Seksyon 1 ng *Konstitusyon ng Nevada* na nangangailangan ng ilang mga institusyon para sa kapakanan ng "mga Baliw, Bulag at Bingi at Pipi, at iba pang mga mapagkawanggawang institusyon na maaaring kailanganin para sa kabutihan ng publiko," na dapat itaguyod at suportahan ng Estado, alinsunod sa mga regulasyong maaaring itakda ng batas. Kung ang tanong sa balota na ito ay aprubahan ng mga botante, ang *Konstitusyon ng Nevada* ay mangangailangan na ang ilang mga entidad para sa kapakanan ng "mga tao na mayroong malubhang sakit sa kaisipan, mga taong bulag o mayroong kapansanan sa paningin, mga taong  bingi o mayroong kahirapan sa pandinig, at mga taong mayroong mga intelektwal o pag-unlad na kapansanan, at iba pang mga mapagkawanggawang entidad na kinakailangan para sa kabutihan ng publiko," ay dapat itaguyod at suportahan ng Estado.

Dahil ang Artikulo 13, Seksyon 1 ay nagsasaad na ang suporta para sa mga entidad na ito ng Estado ay "napapailalim sa mga regulasyong maaaring itakda ng batas," kinakailangan ng pag-apruba ng Lehislatura sa isang batas upang makapagbigay ng suporta sa mga entidad na maaaring hindi kasalukuyang sinusuportahan sa ilalim ng umiiral na batas, kung sakaling maaprubahan ang tanong na ito ng mga botante. Gayunpaman, dahil hindi maaasahan kung anong mga hakbang ang maaaring gawin ng Lehislatura kaugnay sa mga entidad na maaaring suportahan o sa halaga ng suportang maaaring ibigay, ang pinansyal na epekto sa Estado ay hindi matutukoy nang mayroong makatwirang antas ng katiyakan.